

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ang proyektong Riverwalk na magpapabago sa Lungsod ay mas lumalapit sa pagpapatupad

BRAMPTON, ON (Setyembre 15, 2020) – Ang Lungsod ng Brampton ay mas lumalapit nang isang hakbang sa pagtupad sa proyektong Riverwalk nito, ang pampagbabagong inisyatiba na makakatulong sa pagbukas sa potensyal sa ekonomiya ng downtown Brampton.

Sa naunang bahagi ng buwan na ito, ang Downtown Brampton Flood Protection Environmental Assessment ay naaprubahan. Ang Lungsod ay maaari na ngayong magpatuloy sa detalyadong disenyo ng enhinyerya para sa pagpapalawak ng Etobicoke Creek sa pamamagitan ng downtown Brampton, na nakadepende sa pondo ng pamahalaan. Ang disenyo ng enhinyerya ay magpapabawas sa umiiral na panganib sa baha ng lugar at magbibigay ng pundasyon sa pagpapatupad ng Riverwalk.

Ang proyektong Riverwalk ay makakatulong sa pagpapasigla at pagpapalakas ng downtown ng Brampton at gawin itong sustainable, malusog at madaling nakakabangon. Ang pangunahing layunin ng Riverwalk ay likhain ang isang inobatibo, pangmatagalang solusyon para tanggalin ang panganib sa baha ng downtown Brampton, na lilikha ng paglaki at pag-unlad ng urban, na hihikayat ng pamumuhunan at pagpapalawak at pagpapahusay sa pampublikong espasyo sa lugar.

Tungkol sa Riverwalk

Ang Downtown Brampton ay nasa loob ng Etobicoke Creek floodplain. Ang mga patakarang panlalawigan sa paligid ng pangasiwaan ng panganib ay hanggang ngayon nagbabawal sa uri at dami ng pagpapaunlad na maaaring magaganap doon sa araw na ito. Ang Riverwalk ay isang solusyon na dalawang parte sa pagtanggap ng mga panganib ng baha at paglikha ng bago, bukas na espasyong urban na makakatulong sa pagpapasigla at pagpapalakas ng downtown ng Brampton, at gawin itong malusog, sustainable at madaling nakakabangon.

Sa pagtanggap ng umiiral na panganib sa baha at sa mga limitasyon sa pagpapalano at pagpapaunlad sa downtown Brampton, iniisip ng Riverwalk ang isang remade Etobicoke Creek sa lugar, na napapalibutan ng mga pampublikong lugar at mga parke na kinonekta ng Etobicoke Creek valley corridor at isang trail system. Inaasahan ito na magbukas ng 3.6 milyong kwadrado piye ng panresidensya, pangnegosyo at retail na espasyo sa downtown, na lilikha ng higit sa 23,000 trabaho at \$1.4 bilyon na epekto sa GDP.

Sa darating na mga buwan, ang mga residente ay magkakaroon ng pagkakataon na ibigay ang kanilang komento sa proyekto.

Para sa karagdagang impormasyon sa Riverwalk bisitahin ang www.brampton.ca/riverwalk

Mga Quote

“Ang pagbubukas sa isang potensyal na downtown Brampton ay isang mahalagang prayoridad para sa Konseho, tulad ng pagiging Green City na matibay, madaling nakakabangon at sustainable. Ang Riverwalk ay isang pampagbabagong proyekto na makakatulong sa pagsuporta sa atin sa dalawang

layunin na ito, at naglalagay rin sa Brampton sa mapa para sa inobatibo at may epektong solusyon nito sa pagpapababa ng panganib ng baha, paglikha ng kaunlaran at paglikha ng mga trabaho at mas pagpapaganda sa mga pampublikong espasyo na mapapakinabangan ng lahat.”

- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton

“Ang Brampton ay isang Lungsod ng mga Pagkakataon na sumusuporta sa isang malikhain, inobatibo, at pangnegosyong kapaligiran, na may downtown na masigla at lumalaki. Habang mas papalapit ang Lungsod sa pagtayo ng Riverwalk, gumagawa tayo ng ibang hakbang tungo sa paglikha ng mas maraming trabaho at espasyo na mapapakinabangan ng mga residente sa loob ng mga taong darating.”

- Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Chair, Public Works and Engineering, Lungsod ng Brampton

“Hindi lamang mababawasan ng proyektong Riverwalk ang panganib ng pagbaha sa downtown Brampton, ngunit gaganap din ito ng mahalagang parte sa pagtulong sa atin na mapagtanto ang ating prayoridad ng pagiging isang Lungsod ng mga Pagkakataon sa pamamagitan ng paglikha ng paglaki at pag-unlad ng urban at paghihikayat ng pamumuhunan sa lugar. Ang pampagbabagong inisyatibong ito ay magtitiyak na ang downtown Brampton ay sustainable, malusog at madaling nakakabangon, at isang nakakatuwang espasyo para sa lahat ng naninirahan at bumisita doon.”

- Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8, Vice Chair, Public Works and Engineering, Lungsod ng Brampton

“Ang Riverwalk ay isang kapana-panabik na inisyatiba para sa Brampton na mahigpit na naka-align sa mga Termino ng mga Prayoridad ng Konsehos. Committed ang staff sa pagpapatuloy na isulong ang proyektong Riverwalk para suportahan ang pagpapasigla at pagpapalakas sa downtown, lumikha ng kumpleto, sustainable na mga komunidad para sa ating mga residente at maging pandaigdigang lider sa inobasyon.”

- David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca